


# DELUBYO NG SACLEO

Malawakang Pamamaslang Gamit ang Estilong Tokhang

Mga masaker. Sunud-sunod na pag-aaresto. Teror. Kaguluhan. Delubyong higit pang mapaminsala kaysa sa anumang bagyo o sakunang dumating at darating sa bansa. Ito ang hatid ng *Simultaneous Anti-Criminality and Law Enforcement Operations* (SACLEO) sa Kabikulan. Sa tabing ng islogang kontra-kriminalidad, hinahalihaw nito ang mga komunidad sa layuning supilin ang lahat ng porma ng paglaban ng mamamayan upang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at kagalingan.

Sumambulat ang delubyo ng SACLEO sa rehiyon ngayong taon nang ilunsad ito sa dalawang bugso noong Pebrero 15-18 at Pebrero 25-26. Labing-isa agad ang pinaslang ng PNP sa panahong ito. Hindi pa kasama ang araw-araw na inaaresto at pinapaslang sa buong bansa sa tabing ng mga *buy bust operation* at iba pang operasyon ng pulis.

Isa sa mga insidenteng naitala ay masaker ng tatlong magsasakang pinararatangang kasapi ng Milisyang Bayan – sina Enrique Caballes, Arnel Candelaria at Nomer Peda ng Brgy. Lanot, Mercedes, Camarines Norte. Humigit kumulang 70 armadong elemento naman ng militar at pulis ang sumalakay sa bahay at pumaslang kay Kgd. Melandro Verzo sa Brgy. Talobatib, Labo, Camarines Norte noong Pebrero 26.

Walang kapantay na insulto para sa mga naulilang ipagmalaki pa ng PNP RO5 na 'tagumpay' ang mga operasyong ito laban sa mga 'nanlaban'.

## Ano ang SACLEO?

Ang SACLEO ay lumang estilo binihisan ng bagong pangalan. Pinatindi at pinalawak itong tipo ng *focused law enforcement operations (FLEO),* na dati nang ginagamit ng pulis at mga nagdaang pasistang rehimen sa malalawakang operasyon. Wala itong ipinag-iba sa mga *One Time Big Time Operations (OTBTO), Series of Anti-Criminality Operations (SACO)* at *Synchronized Enhanced Managing of Police Operations (SEMPO)*.

Pormal na ipinatupad ni PNP Chief Debold Sinas ang SACLEO sa pambansang antas. Una na niyang sinubukan ang pinabangis na bersyon nito sa Negros bilang SEMPO: *Oplan Sauron* 1 at 2 at *Oplan Bran Stark* noong nakaupo pa siya bilang regional director ng PNP sa naturang rehiyon. Ikinasa ang mga nabanggit na operasyon laban sa makabayan at progresibo, mga oposisyon at lahat ng nakikiisa at nakikisimpatya sa anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalistang pakikibaka ng mamamayan. Umabot sa 27 katao ang napaslang mula nang ilunsad ito noong Disyembre 18, 2018. Pinakamalaking krimeng naitala ang masaker ng 14 magsasaka sa iisang araw.

Kinakatangian ang SACLEO ng mga lihim, malalawakan, koordinado at singkronisadong operasyon. Kalimitan itong ilinulunsad kasama ang pwersa ng AFP. Upang palabasing lehitimo ang operasyon, kinakakutsaba ng PNP ang ilang huwes upang maglabas ng daan-daang search at arrest warrants.

Kabisado na ng publiko ang modus operandi ng militar at pulis: magtanim ng ebidensya at patayin ang mga 'nanlaban'.

## Instrumento ng Pasismo: MINANUPAKTURANG MANDAMYENTO

Si **Judge Evan Dizon** ng RTC Branch 40 sa Daet ang naglabas ng mga *search warrant* laban kina Caballes, Candelaria at Peda.

Si **Judge Arniel Dating** naman ng RTC Branch 41 sa Labo ang naglabas ng mga warrant laban kina Kgwd. Verzo. Siya rin ang naglabas ng *arrest warrant* laban kina Nelsy Rodriguez ng BAYAN-Camarines Sur at Ramon Rescovilla ng CONDOR-PISTON.

Si **Judge Cecilyn Burgos Villavert** ng RTC Branch 89 Quezon City ang naglabas ng napakamaraming *search* at *arrest warrant* na ginamit ng AFP at PNP sa mga komunidad at pag-aresto sa maraming makabayan at progresibo sa Negros.

| Petsa | Prubinsya | Inaresto | Pinaslang |
|---|---|---|---|
| Enero 6, 2021 | Camarines Sur | | 1 (Aldren Enriquez) |
| Pebrero 16, 2021 | Camarines Norte | 2 (Alberto Saladin, Noriel Tagas) | 2 (Hajji Abanto at Nardo Llorca) |
| Pebrero 18, 2021 | Camarines Norte | | 1 (Helario Diamante) |
| Pebrero 25-26, 2021 | Camarines Norte | 77 | 6 (Melvin Veri Otto, Enrique Caballes, Arnel Candelaria, Nomer Peda, Melandro Verzo, Senen 'Beth' Inocalla) |
| March 1, 2021 | Camarines Sur | | 1 |

**Talahanayan 1. Mga biktima ng SACLEO sa Bikol mula Enero hanggang Marso 2021**

## Ano ang dapat gawin?

Ang pinakamalalaki at pinakabrutal na mga kriminal ay nagpupugad sa magagandang upisina ng Malacanang at Kongreso, nasa likod ng matataas na bakod ng mga kampo ng militar at pulis at nagtataasang gusali sa mga syudad.  Ang SACLEO ay isa sa kanilang arsenal ng mga pasista at teroristang armas. Tulad ito ng *death warrants* na hatid ng walang pakundangang *red-tagging* ng NTF-ELCAC, *Retooled Community Support Program* (RCSP) at *Focused Military Operations* (FMO) ng AFP at iba pang pasistang hakbangin ng rehimeng US-Duterte. Sistematiko nilang inaatake ang mamamayan upang gawing pangkaraniwan ang pamamaslang ng estado at itulak ang pananahimik ng taumbayan.

Ngunit ano pa nga bang masusulingan ng sinumang itinutulak sa bangin ng kamatayan kundi ang lumaban para sa karapatang mabuhay? Para sa bawat sinayang na buhay sa palusot na 'nanlaban,' mayroong sanlibo't sanlaksang iba pang nagnanais at nagpapasyang tapusin na ang SACLEO at iba't ibang mukha ng delubyo ng pasismo at terorismo ng rehimeng US-Duterte.

Ngayon, higit kailanman, kinakailangang pag-ibayuhin ng mamamayan ang kanilang pagkakaisa at kolektibong pagkilos. Kritikal ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mga taumbaryo upang epektibong maharap at malabanan ang SACLEO at iba pang mga lihim at malawakang operasyong gaya nito.

Dapat maging mapagmatyag para sa isa't isa. Bantayan ang mga paglusob ng militar at pulis sa mga alanganing oras. Mangalampag at mag-ingay upang maalerto ang buong komunidad sa presensya ng kaaway. Huwag hayaang ihiwalay ang ilang indibidwal na target ng pamamaslang at huwag bigyang puwang ang pagtatanim ng ebidensya. Gamitin ang *social media* at iba pang daluyan upang palaganapin ang balita ng mga pang-aabuso. Walang tatahimik hangga't hindi napalalaya ang kanilang mga inaresto at hanggat hindi napalalayas ang mga berdugo. Humalaw ng karanasan mula sa pagharap ng Negros sa SACLEO, na sa kabila ng matinding pananalasa ng mga berdugo'y higit lamang na nag-alab ang paglaban ng mamamayang Negrense.

Madadaig ng sustenido, kolektibo at programadong pagkilos ng mamamayan ang anumang pasistang hakbang ng rehimen. Sama-sama, kayang talunin ng taumbayan ang karimlan ng SACLEO at lahat ng pang-aatake ng AFP-PNP-CAFGU.

Kasabay nito, pinakamalaki ang hamon sa rebolusyonaryong kilusan sa pagdirihe ng natitipong ahitasyon at galit ng mamamayan laban sa rehimeng US-Duterte. Maagap at komprehensibong magpatupad ng lahatang-panig na programang sumusuporta, tumutumbas at nagpapataas ng antas sa pagsisikap ng pakikibakang masa. Dapat ibayong magpursigi sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mamamayan at pag-aangat ng kanilang kamulatan tungo sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan.■

**BIGUIN ANG SACLEO AT IBA PANG PASISTANG HAKBANG NG REHIMENG US-DUTERTE!**
**IBAGSAK ANG REHIMENG US-DUTERTE!**

**I-download at basahin**
ang iba pang isyu ng




sa **yandex.disk/silyabbikol**
**marojabanua.wordpress.com**